

# Patakaran sa Pagpapatigil sa Pantirahang Serbisyo ng Tubig sa Lungsod ng Crescent

City of Crescent City  
377 J Street  
Crescent City, CA 95531  
707-464-6517

---

## **1.0 GENERAL PROVISIONS.**

- 1.01 EPEKTIBONG PETA. Ang patakarang ito ay magiging epektibo sa Pebrero 1, 2020.
- 1.02 MADALING MAGAGAMIT. Ang patakarang ito at lahat ng mga abiso na inisyu alinsunod sa patakarang ito ay kailangang magamit sa mga sumusunod na wika: English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean at Hmong.
- 1.03 PAGPAPASKIL NG WEBSITE. Ang patakarang ito ay kailangang maipaskil sa website ng Lungsod.
- 1.04 KONTAK. Mangyaring tawagan ang City Water Department sa 707-464-6517 para mapag-usapan ang mga opsyon sa pagbabayad n amay kaugnayan sa delinquent na mga account, paano mag dispute ng kabayaran, o anumang ibang mga katanungan ukol sa patakarang ito.
- 1.05 TAUNANG ULAT. Kialangang i-ulat ng Lungsod ang bilang ng mga taunang pagpapatigil ng pantirahang serbisyo dahil sa kawalan ng kakayahan na makabayad sa State Water Resources Control Board at ipaskil ito sa website ng Lungsod.
- 1.06 ADMINISTRASYON. Ang patakarang ito ay pamamahalaan ng Finance Director.
- 1.07 MGA PAGPAPAKAHULUGAN. Ang sumusunod na mga pagpapakahulugan ay angkop sa Patakarang ito.
  - a. “Mga Araw” ay nangangahulugang mga araw sa kalendaryo maliban kung tinukoy na iba.
  - b. “Finance Director” ay nangangahulugan sa finance director ng Lungsod o kinatawan.

- c. “Nakatira” ay nangangahulugan na isang taong-nasa-tamang-edad na naninirahan sa pag-aari na tumatanggap ng pantirahang serbisyo ng tubig mula sa Lungsod.

## **2.0 PAGREKLAMO SA BAYARIN NG TUBIG**

- 2.01 **PAGHAHAIN NG REKLAMO.** Kung ang kustomer sa tubig ay magrereklamo sa katumpakan ng natanggap na bayarin sa tubig, ang kustomer ay maaaring maghain ng isinulat na reklamo sa kagawaran ng tubig habang tinutukoy na ang bayaring inirereklamo at ang hindi tumpak na nilalaman ng bayarin. Ang reklamo ay kailangang maihain sa kagawaran ng tubig ng hindi lalampas ng 60 araw pagkatapos na mailagay ang takdang petsa sa bayarin upang maiwasan ang serbisyo mula ng maipatigil habang ang reklamo ay iniimbestigahan.
- 2.02 **DESIYON SA REKLAMO.** Kapag natanggap na ang reklamo sa bayarin, ang kagawaran ng tubig ay mag-iimbestiga sa claim ng pagkakamali at isumite ang mga resulta sa Finance Director. Pagkatapos ay susuriin ng Finance Director ang reklamo ng kustomer at ang mga resulta ng kagawaran ng tubig at alinman sa (i) pagtibayin ang bayarin o (ii) baguhin ang bayarin para Maitama ang anumang mga pagkakamali. Ang desisyon ng Finance Director ay kailangang maiisyu sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ng Lungsod ang reklamo sa bayarin sa tubig. Ang kustomer ay aabisuhan sa pamamagitan ng sulat sa desisyon ng Finance Director at ang kustomer ay mayroong 10 araw na pumasok sa isang kasunduan sa pagbabayad o magbayad ng orihinal na bayarin kung pagtibayin ng Finance Director, o ang binagong bayarin na pinagpasiyahan ng Finance Director, o ipapatigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig.
- 2.03 **PAG-APELA SA KONSEHO NG LUNGSOD.** Ang kustomer sa tubig ay maaaring mag-apela sa desisyon ng Finance Director ukol sa reklamo sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsumite ng isinulat na apela sa Kawani ng Lungsod sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng ipinadala sa koreong desisyon. Ang Konseho ng Lungsod ay susuriin ang reklamo ng kustomer sa susunod na naaangkop na pagpupulong ng Konseho. Ang kustomer ay aabisuhan ng isinulat na desisyon ng Konseho ng Lungsod, at ang kustomer ay mayroong 5 araw ng kalakal para pumasok sa isang kasunduan sa pagbabayad o bayaran ang orihinal na bayarin kung i-upheld ng Konseho ng Lungsod, o ang binagong bayarin na napagpasiyahan Konseho ng Lungsod, o ipapatigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay pinal na.
- 2.04 **WALANG PAGPAPATIGIL NG SERBISYO HABANG NAG-AANTAY NG DESISYON.** Hindi maaaring ipatigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig ng kustomer para sa hindi-pagbabayad ng bayarin na inirereklamo habang nag-aantay ng pinal na resulta ng reklamo.

### **3.0 PROSESO NG PAGPAPATIGIL NG PANTIRAHANG SERBISYO NG TUBIG**

- 3.01 TAKDANG PETA SA AT MGA BAYAD SA PAGKAANTALA. Sa ilalim ng Crescent City Municipal Code Section 13.12.150, ang nakatakdang mga bayarin sa tubig at kailangang mabayaran kung inilahad at magiging delingkwente kung hindi mabayaran sa loob ng 20 araw pagkatapos ng petsa sa singilin. Ang mga naantalang bayad ay ikakarga sa buwanang mga bayarin na delingkwente. Ang bayad sa naantalang mga bayad na ipinapatupad na resolusyon ng Konseho ng Lungsod sa Iskedyul ng Bayad ng Lungsod.
- 3.02 60 ARAW NA DELINGKWENTE. Ang Lungsod ay hindi maaaring ipatigil ang pantirahang serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang pagbabayad ay naging delingkwente ng 60 araw.
- 3.03 7 ARAW NA ABISO. Hindi bababa ng 7 araw ng kalakal bago ang pagkakatigil ng pantirahang serbisyo para sa hindi pagbabayad, kailangang kontakin ng Lungsod ang kustomer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono o isinulat na abiso.
- 3.03.1 TELEPONONG PANG-KONTAK. Kung nakontak ng Lungsod ang kustomer sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ay kailangang mag-alok na magbigay ng isinulat na patakarang ito sa kustomer at mag-alok na pag-usapan ang potensyal na alternatibong mga opsyon sa pagbabayad para maiwasan ang paghinto sa serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, kasama na ang proseso para sa pagrereklamo ng bayarinsa tubig.
- 3.03.2 ISINULAT NA ABISO. Kung kinontak ng Lungsod ang kustomer sa pamamagitan ng sulat, kailangang kalakip ng sulat ang abiso ng delingkwenteng pagbabayad at nalalapit na pagpapatigil at ipapadala sa kustomer sa pamamagitan ng koreo sa tirahan kung saan ibinigay ang pantirahang serbisyo. Kung ang lokasyon ng tirahan ng kustomer ay hindi ang lokasyon ng pag-aari kung saan ibinigay ang pantirahang serbisyo, ang abiso ay kailangang ipadala sa lokasyon ng pag-aari kung saan ibinigay ang pantirahang serbisyo, na nakatukoy sa "Occupant." Kailangang kasama sa abiso ang sumusunod na impormasyon:
- a. Pangalan at lokasyon ng tirahan ng kustomer
  - b. Halagang delingkwente
  - c. Petsa kung saan ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad ay kailangan upang maiwasan ang pagpapatigil ng pantirahang serbisyo ng tubig
  - d. Pagkakarawan ng proseso sa pag-aaplay ng pagpapalawig ng panahon sa pagbayad ng delingkwenteng kabayaran
  - e. Pagkakarawan ng proseso kung saan ang kustomer ay maaaring humiling ng plano sa pagbabayad ng delingkwenteng kabayaran

- f. Pagkakarawan ng proseso para ireklamo ang isang bayarin o kabayaran

3.03.3 MABUTING PAGTITIWALA NA PAGESUSUMIKAP. Kung ang Lungsod ay hindi nagawang magsagawa ng kontak sa pamamagitan ng telepono sa kustomer o isang taong nasa-tamang-edad na umookupa sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang isinulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo ay hindi maipadala, pagkatapos ang Lungsod ay kailangang magsagawa ng mabuting pagtitiwala na pagsusumikap para bisitahin ang tirahan at iwanan sa isang halatang lugar ang abiso ng napipintong pagpapatigil mg serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad at ang patakaran ng Lungsod para sa pagpapatigil ng serbisyo.

3.03.4 NAIPASKIL NA ABISO. Kung ang Lungsod ay hindi nagawang magsagawa ng kontak sa pamamagitan ng telepono o personal sa isang taong nasa-tamang-edad na nakatira sa lugar, ang Lungsod ay kailangang magbigay ng abiso ng hindi bababa sa 48 oras bago ang pagpapatigil ng serbisyo sa pamamagitan ng pagpaskil ng abiso sa lugar.

3.04 MGA KONDISYON SA PAGBABAWAL NG PAGPAPATIGIL NG PANTIRAHANG SERBISYO NG TUBIG. Hindi maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang LAHAT ng sumusunod na mga kondisyon ay matupad:

- a. Ang kustomer, o taga-upa ng kustomer, nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng alaga (na ipinapakahulugan ng WIC 14088(b)(1)(A)) na ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig ay magiging banta sa buhay, o maglagay sa seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng mga lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig.
- b. Ang kustomer ay nagpapakita na siya ay pinansyal na walang kakayahan para makapagbayad para sa mga serbisyo ng tubig sa loob ng normal na ikot ng pagbabayad. Ang kustomer ay masasabing walang kakayahan para makapagbayad para sa mga pantirahang serbisyo ng tubig sa loob ng normal na ikot ng pagbababayad kung may sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWorks, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Social Security / State Supplementary Payment Program, California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children (“WIC”), o idineklara ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.
- c. Nais ng kustomer na pumasok sa isang alternatibong plano sa pagbabayad na inalok ng Lungsod na ginagalang ang lahat ng mga delingkwenteng kabayaran.

- 3.05 MGA OPSYON SA PAGBABAYAD. Kailangan mag-alok ng Lungsod ng isa o mas maraming opsyon sa pagbabayad sa mga kustomer na tumutugma sa natatanging pamantayan.
- a. Kung ang LAHAT ng mga kondisyon sa itaas sa talata 3.04 ay natugunan, kung kaya ang Lungsod ay kailangang mag-alok sa kustomer ng isa o higit pang alternatibong mga opsyon sa pagbabayad. Tingnan ang talata 4.01.
  - b. Kung hindi natugunan ng kustomer ang LAHAT ng mga kondisyon sa talata 3.04 ngunit nagpapakita ng pinansyal na walang kakayahan para makapagbayad sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad, kailangan ng Lungsod na mag-alok sa kustomer ng isa o higit pang alternatibong mga opsyon sa pagbabayad.
- 3.06 WALANG PAGPAPATIGIL HABANG MAY APELA. Kung ang taong-nasa-tamang-edad na nasa tirahan ay nag-apela ng bayarin sa tubig o ang salungat na desisyon ng Finance Director kaugnay sa mga alternatibong plano sa pagbabayad, hindi kailangan ng Lungsod na itigil ang pantirahang serbisyo habang ang apela ay inaantay.
- 3.07 WALANG PAGPAPATIGIL O NAANTALANG BAYARIN HABANG NASA PLANO NG PABABAYAD. Kung pumasok ang kustomer sa isang plano ng pagbabayad, hindi kailangan ng Lungsod na itigil ang pantirahang serbisyo habang ang kustomer ay sumusunod sa plano ng pagbabayad. Hindi kailangang pagbayarin ng Lungsod ng karagdagang naantalang mga bayarin sa delingkwenteng balanse na sakop sa ilalim ng plano ng pagbabayad ng kustomer habang sinusunod ng kustomer ang plano sa pagbabayad. Ang naantalang mga bayarin ay sisingilin sa susunod na mga bayarin na naging delingkwente matapos pumasok ang kustomer sa isang plano ng pagbabayad.
- 3.08 PAGBALIK NG SERBISYO. Kung ang serbisyo ng tubig ay ititigil, ang Lungsod ay kailangang magbigay sa kustomer ng impormasyon kung paaano maibabalik ang serbisyo. Kung ang kustomer ay (1) nakapagbayad ng kanyang delingkwenteng balanse ng buo o (2) pumasok sa isang aprubadong alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa Lungsod, ang Lungsod ay gagawa ng mabuting pagtitiwala na pagsusumikap na maibalik ang serbisyo ng tubig :
- a. Ang parehong araw ng kalakal sa loob ng normal na oras sa operasyon ng Lungsod kung ang kahilingan ay isinagawa bago magtanghali, o
  - b. Ang susunod na araw ng kalakal sa loob ng normal na oras sa operasyon ng Lungsod.

#### **4.0 MGA ALTERNATIBONG OPSYON SA PAGBABAYAD NG DELINGKWENTENG ACCOUNT**

- 4.01 MGA OPSYON SA PAGBABAYAD SA MGA KUSTOMER NA TUMUTUGMA SA MGA NATATANGING PAMANTAYAN. Ang Lungsod ay mag-aalok ng isa o higit pa sa mga

sumusunod na alternatibong mga opsyon sa mga kustomer na tumutugma sa LAHAT ng mga kondisyon sa talata 3.04. Ang Lungsod ay maaaring pumili sa mga opsyon ng pagbabayad na inaalok at ang mga hangganan ng nasabing opsyon ng pagbabayad.

- a. PAGPAPALAWIG NG PANAHON. Maaaring bigyan ang mga kustomer ng 5-araw na palugit na panahon para mabayaran ang delingkwenteng bayarin.
- b. PLANO SA PAGBABAYAD NG AMORTISASYON. Maaaring maaprubahan ang mga kustomer para sa plano ng pagbabayad na amortizes ang balanse na kailangang bayaran sa loob ng panahon ng 2 o 12 na buwan. Ang halaga na kailangang amortized ay kailangan na kasama ang lahat ng halagang delingkwente na kailangang bayaran sa account, at ang kustomer ay kailangang pumirma sa isang kasunduan para sa amortisasyon.
  - i. PINAKAMABABANG MGA KABAYARAN. Mga plano sa pagbabayad ng amortisasyon na kailangang magkaroon ng pinakamababang buwanang bayad na \$20.00.
  - ii. HABA NG PLANO SA PAGBABAYAD NG AMORTISASYON. Karaniwan, ang muling-pagbabayad ay magresulta ng buong pagbabayad sa loob ng 12 na buwan. Maaaring ipagkaloob ng Lungsod ang mas mahabang muling-pagbabayad na panahon, ng hanggang 12 na buwan, kung makitang ito'y kinakailangan na maiwasan ang hindi maiiwasang paghihirap sa kustomer batay sa mga pangyayari.
- c. PLANO SA PAGBABAYAD NA KAILANGAN BAGO ANG PAGPATIGIL. Ang mga kustomer na nagnanais na pumasok sa isang alternatibong opsyon ng pagbabayad ay kailangang gumawa ng kanilang kahilingan sa Lungsod bago maipatigil ang serbisyo ng tubig.

4.02 MGA OPSYON SA PAGBABAYAD PARA SA LAHAT NG IBA PANG MGA KUSTOMER. Ang mga kustomer na hindi tumugma sa lahat ng pamantayan sa lahat ng mga kondisyon sa talata 3.04 at sinumang nagpakita ng pinansyal na walang-kakayahan para magbayad ng buo sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay aalukin ng isa o higit pang mga sumusunod na mga opsyon sa pagbabayad. Ang lungsod ay maaaring pumili kung aling opsyon sa pagbabayad ang i-aalok at ang mga hangganan ng nasabing opsyon ng pagbabayad.

- a. MGA KABAYARANG BINAGO O BINAWASAN. Maaaring bigyan ang mga kustomer ng 5-araw na palugit na panahon para mabayaran ang delingkwenteng bayarin.
  - b. PLANO SA PAGBABAYAD NG AMORTISASYON. Maaaring maaprubahan ang mga kustomer para sa plano ng pagbabayad na amortizes ang balanse na kailangang bayaran sa loob ng panahon ng 2 o 4 na buwan. Ang halaga na kailangang amortized ay kailangan na kasama ang lahat ng halagang delingkwente na kailangang bayaran sa account, at ang kustomer ay kailangang pumirma sa isang kasunduan para sa amortisasyon.
    - i. PINAKAMABABANG MGA KABAYARAN. Mga plano sa pagbabayad ng amortisasyon na kailangang magkaroon ng pinakamababang buwanang bayad na \$20.00.
    - ii. HABA NG PLANO SA PAGBABAYAD NG AMORTISASYON. Karaniwan, ang muling-pagbabayad ay magrerresulta ng buong pagbabayad sa loob ng 4 na buwan. Maaaring ipagkaloob ng Lungsod ang mas mahabang muling-pagbabayad na panahon, ng hanggang 12 na buwan, kung makitang ito’y kinakailangan na maiwasan ang hindi-maiwasang paghihirap sa kustomer batay sa mga pangyayari.
  - c. PLANO SA PAGBABAYAD NA KAILANGAN BAGO ANG PAGPAPATIGIL. Ang mga kustomer na nagnanais na pumasok sa isang alternatibong opsyon ng pagbabayad ay kailangang gumawa ng kanilang kahilingan sa Lungsod bago maipatigil ang serbisyo ng tubig.
- 4.03 MGA KAILANGAN PARA MABAYARAN ANG KASALUKUYANG MGA BAYARIN. Ang mga kustomer na nakikilahok sa isang alternatibong opsyon sa pagbabayad para sa anumang delingkwenteng bayarin ay kailangang ipagpatuloy ang pagbabayad sa lahat ng sumusunod na mga bayarin ng ng buo at nasa tamang oras. Ang kabiguan na gawin ito sa loob ng 60 araw o higit pa ay magrerresulta ng pagkakatigil ng serbisyo ng tubig na sumusunod sa 5-araw na abiso ayon sa talata 4.04.
- 4.04 5-ARAW NA PAGPAPAPASKIL. Ang serbisyo ay hindi maaaring itigil ng mas maaga sa 5 araw ng kalakal pagkatapos na maipaskil ng Lungsod ang pinal na abiso sa ayunin nitong ipatigil ang serbisyo sa isang prominente at mapapansing lokasyon sap ag-aari sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:
- a. Nabigo ang kustomer na sumunod sa kasunduan ng plano para sa alternatibong pagbabayad para sa delingkwenteng bayad para sa 60 araw o higit pa.

- b. Habang ipinapatupad ang kasunduan ng amortisasyon, may iskedylul para sa alternatibong pagbabayad, o ang pagbago o pagbawas sa plano ng pagbabayad, ang kustomer ay hindi nakapagbayad sa kanyang kasalukuyang pantirahang serbisyo na bayarin para sa 60 araw o higit pa.

## **5.0 MGA ESPESYAL NA IBINIBIGAY PARA SA OMOOKUPA NG TIRAHAN**

- 5.01 ISINULAT NA ABISO. Para sa omookupa sa tirahan para sa nahiwalay na pang-isahang-pamilya na tirahan, maraming yunit na gusaling pantirahan, parke para sa mobilehome o permanenting gusali na tirahan sa loob ng kampo ng manggagawa na tumatanggap ng indibidwal na metrong serbisyo, at ang may-ari ay siyang kustomer na nasa talaan, kaya kailangan ng Lungsod na magsagawa ng mabuting pagtitiwala na pagsusumikap para ipaalam sa mga nakatirang residente, sa pamamagitan ng isinulat na abiso, kung may atraso ang account sa serbisyo ito ay matitigil ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpapatigil. Lalong maipapaalam ng isinulat na abiso sa nakatirang residente na sila ay may Karapatan na maging mga kustomer, kung kanino sisingilin ang serbisyo, na hindi kinakailangan na magbayad ng anumang halaga na maaaring nakatakda sa delingkwenteng account.
- 5.02 MAY MAGAGAMIT NA SERBISYO PARA SA MGA O-OKUPA. Hindi kailangan gawin ng Lungsod na may magamit na serbisyo ang mga nakatirang residente maliban kung ang bawat nakatirang residente ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at tumutugma sa mga kailangan ng batas. Kung ang naunang serbisyo para sa panahon ng isang kondisyon para makapag-ayos ng utang sa kagawaran ng tubig sa Lungsod, tirahan at katibayan ng maagang pagbabayad ng upa o iba pang utang na obligasyon ay magiging katanggap-tanggap para sa Lungsod para sa parehong panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.
- 5.03 PAGPAPATUNAY. Sa kaso ng isang hiwalay na pang-isahang pamilya na tirahan, upang mapawalang saysay ang takdang halaga sa delingkwenteng account, ang Lungsod ay mangangailangan na ang taga-okupa na naging kustomer ay mapatunayan na ang delinkwenteng account na kustomer na nasa talaan ay o naging tagapagpaupa, namamahala, o ahente ng tirahan. Ang katunayan ay maaaring maglaip ng kasunduan sa upa, mga resibo sa upa, isang dokumento mula sa gobyerno na nagsasabi na ang umuupang residente sap ag-aari, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Civil Code 1962.

## **6.0 MGA KARAGDAGANG IBINIBIGAY PARA SA MGA KUSTOMER NA MAY MABABANG-KITA**

- 6.01 Ituturing ang kustomer ng tirahan bilang “ mababa ang kita” para sa layunin ng seksyong ito kung may sinumang miyembro ng sambahayan ang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahtang tulong, Medi-Cal,



Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kung idineklara ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa ng 200% sa pederal na antas ng kahirapan.

- 6.02 Para sa mga kustomer na mababang-kita, ang Lungsod ay hindi maniningil ng bayad para sa muling-pagkakabit sa loob ng normal na oras ng operasyon na higit pa sa halaga na pinapayagan sa ilalim ng Water Shutoff Protection Act (\$50.00 sa kasalukuyan, na tataasan ng CPI), na hindi naman lalampasan ang aktwal na gastos kung mas mababa. Para sa muling-pagpapakabit sa loob ng hindi-oras ng operasyon, ang Lungsod ay hindi maniningil ng bayad sa muling-pagkakabit na mas malaki kaysa sa halaga na pinapayagan sa Water Shutoff Protection Act (\$150.00 sa kasalukuyan, na tataasan ng CPI), na hindi naman lalampasan ang aktwal na gastos kung mas mababa.
- 6.03 Ipapawalng-saysay ng Lungsod ang mga bayad sa interes para sa bayaring delingkwente isang beses kada 12 buwan para sa mga kustomer na may mababang-kita.

## **7.0 MAGAGAMIT NA ABISO NG PANGATLONG-PARTIDO**

- 7.01 Magsasagawa ang Lungsod ng magagamit na pangatlong-partidong serbisyo sa pag-aabiso para sa mga residenteng kustomer na nasa edad o mas matanda, o sinumang taong-nasa-tamang-edad na nakaasa na pinapakahulugan sa talata (1) ng pangkat (b) ng Section 15610 ng Welfare and Institutions Code. Ang mga kustomer na tumutugma sa pamantayang ito ay maaaring hilingin ang serbisyong ito sa Lungsod gamit ang pormas na ibinibigay ng Lungsod. Ang pangatlong-partido ay kailangang may isinulat na pahintulot.
- 7.02 Para sa mga kustomer na tumutugma sa pamanatayan na nasa 7.01 at humiling na maitala sa programa, susubukan ng Lungsod na abisuhan ang taong itinalaga ng kustomer para tumanggap ng abiso kung ang account ng kustomer ay lampas na sa itinakda at isasailalim sa pagpapatigil. Kasama sa abiso ang impormasyon kung ano ang kailangan para maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo. Ang abiso ay hindi nag-oobliga sa pangatlong-partido na bayaran ang lampas-sa-itinakdang mga bayad, at hindi din naman pumipigil o nagpapaantala sa pagpapatigil ng serbisyo.

## **8.0 MGA PETA AT ORAS NG PAGPAPATIGIL**

- 8.01 Hindi ipapatigil ng Lungsod ang pantirahang serbisyo ng tubig sa Sabado, Linggo, legal na mga bakasyon, o anumang araw na saraso ang City Hall para sa pangangalakal. Bilang karagdagan, sa mga araw kung saan matitigil ang serbisyo, ang nasabing pagkakatugil ay kailangang mangyari bago magtanghali upang

magkaroon ng pagkakataon ang kustomer na humiling na miling-maikabit ang serbisyo sa parehong araw.